


MGA MANGGAGAWA NG KAISER OPTICAL SA MGA MIYEMBRO NG NUHW SA CPMC:

# HUWAG GAYAHIN ANG AMING PAGKAKAMALI! DON'T



**Pangako ng pangako...at wala pa ring kontrata.** Noong mga ilang buwang nakaraan, bumoto kaming umalis sa NUHW at lumipat sa SEIU-UHW. Bago kami bumoto, nagkalat ang mga tauhan ng mga SEIU at sinasabi sa aming makakakuha kami ng kontrata ng mabilis. WALA PA RIN KAMING KONTRATA! Kaaalam ko lang na natapos ng NUHW ang pag-nenegosyasyon ng lahat ng kontrata ng Kaiser nitong nakaraang linggo lamang. Kung nanatili lang kami ay may kontrata na sana kami ngayon. Hindi namin alam kung kalian kami magkakaroon ng kontrata. Samantala, wala kaming pagtaas sa sahod o proteksyon sa pagtanggag sa trabaho. Pinapangako ng SEIU ang lahat, ngunit wala itong dinadatan.

**Miguel Posadas**  
**Kaiser Park Shadelands**

**Walang representasyon mula sa SEIU.** Ang SEIU ay sumang-ayon sa Kaiser na hindi sila makikipag-bargain ng kontrata at hindi pupursugihin ang mga grievance at arbitration hanggang sa katapusan ng susunod na buwan. Anong ginagawa nila? Ang naririnig lamang namin sa kanila ay makakakuha kami ng dagdag na mga N95 mask pero hindi ito sapul na nangyari. Yun pala naloko lang kami ng kumpanyang hindi mapagkakatiwalaan. Nag-aalala ako tungkol sa trabaho ko. Hindi kami sinusuportahan ng SEIU kung kalian talagang kinakailangan namin sila.

**Gloria Villaseñor**  
**Kaiser Union City**



**SEIU, malaking pagkakamali!** Nagtatrabaho ako sa Kaiser Modesto Optical na departamento. Ayaw kong umalis sa NUHW at sumali sa SEIU. Sabi ko sa lahat ng nasa departamento ko na sasabihin lang ng SEIU ang mga kung anu-ano para lamang makuha ang aming mga boto. Sabi ko sa kanila na matapos ang botohan, hindi na namin sila makikita. Ayan na nga ang nangyari. Wala akong nakikitang kapangyarihan sa SEIU. Kung tutuusin, mas tinutulungan nila ang Kaiser kaysa sa amin.

**Otto Pimentel**  
**Kaiser Modesto**

**NUHW** NATIONAL UNION OF  
HEALTHCARE WORKERS

# **PATULOY NA IPINAGLALABAN NG NUHW ANG MGA MIYEMBRO SA PANAHOON NG COVID-19.**

Ang NUHW ay nagtapos ng ilan-ilang mga kontrata na may pagdagdag sa sahod para sa mga miyembro sa kalawakan ng California at linggo-linggo ay nakikipag-bargain sa lahat ng mga pinagtatrabahuhan upang asikasuhin ang mga suliranin ukol sa trabaho at kaligtasan. Kamakailan sa San Francisco, ang NUHW ay nakipag-ugnayan sa mga kakamping opisyal na hinalal upang ipasa ang isang ordinansang umaatas na ang CPMC ay magbigay sa mga manggagawa ng 80 oras na karagdagang emergency sick leave. Samantala, ang SEIU ay naglaho at walang nagawa para sa kanilang mga miyembro.

## **MALINAW ANG ATING DISISYON: MANANATILI TAYO SA NUHW!**

**Ang pagboto sa NUHW ay mag-gagarantisado na ang ating bagong kontrata, pagtaas ng sahod ng 3%, at tunay na kapangyarihan sa mga tagapamahala!**

**Ang mga balota ay ipapadala sa ika-6 ng Mayo at kailangang nakabalik na sa ika-27 ng Mayo.**

**Ang SEIU ay WALANG Kapangyarihan, WALANG Plano, at WALANG kontrata para sa mga miyembro ng NUHW sa CPMC**

**Bumoto tayo ng OO para sa ating bagong kontrata ng NUHW, at ipahalaga natin ito sa pamamagitan ng pagboto sa NUHW sa darating na eleksyon ng unyon!**

**NUHW NATIONAL UNION OF  
HEALTHCARE WORKERS**